# Paumanhin ng Kuting

Mga Nilalaman


Paumanhin ng Kuting
Saloobin ni Bantay
Sa Mga Sipol ni Kuhol
Banayad na Higad
Signos ng Mantis
Ang Determinadong Tutubi
Kulto ng mga Kuto
Nagdadabog na Bubuyog
Ang Mabilis na Kulilis
Nagmamalinis na Ipis
Pakiusap ni Kulisap
Pangako ng Gamo-gamo

**Paumanhin ng Kuting**

Sisinghap-singhap
Ang kuting na nasa kahon,
Hinahanap ang inang
Di dumating
Mula pa kahapon.

Ipit na boses
Pilit ibinubuka ang bibig
Hinahasa ang dila,
Sa pag-aakalang
May gatas na babaha.

Talukap na magkadikit,
Di mahilamusan
Ng inang hikahos:
Hanap ay pagkain,
Sa iskinitang walang maghain.

Maghapong nagtatawag,
Dakong hapon ng matapos,
Namaos na ang kuting
Walang namang dumating.

Kaya't paumanhin ng kuting –
Huwag sa kaniya ibunton
Ang maling desisyon,
Kung siya man ay isinilang
Sa maling pagkakataon.

**Saloobin ni Bantay**

Nalilito si Bantay
Kung sino ang susundin,
Ang batang paslit
Na palaging may hagod
Sa buntot,
O ang among mahilig
Magbahog?

Maramdamin na si Bantay,
Hinahap ang init
Mula sa among masungit,
Kaya't sa musmos na sandamukal
Ang amos,
Kahit walang pambahog
Siya ay dumudulog.

Ang sabi ni Bantay,
Kung papipiliin –
Mas gusto niya ng may humahagod
At may nagbabahog.

Ngunit kung walang luluhog,
Mas mabuti na ang sa iba
Ay magpahagod,
Init lang ang puwedeng masimot,
Mas malalim pa rin
Ang utang na loob
Sa tunay na nagbibigay
Ng bahog.

**Sa Mga Sipol ni Kuhol**

nakabantay
ang pagtaib
ng dagat.

naghihintay
sa gilid
ng pilapil,

sumasabay
sa huni
ng uwak.

sumisinsay
sa agos
ng paragos,

nanunulay
sa balag
ng pangarap:

mabubuhay
ang pagsipol
sa pagpapanggap.

**Banayad na Higad**

Walang makapaniwala
Na banayad ang higad,
Marahan at tahimik
Na bumabaybay
Sa mga sanga ng talisay.

Napakaamo kung sumisinsay,
May ritmo ang katawan,
Matiwasay ang bawat yabag
Habang naiiwan ang balakang –
umiindayog at kumukumpas.

Ngunit iba ang pagtingin
Ng batang makulit:
Higad ay matinik,
May dalang hapdi at kati
Kung sa balat ay sumapi.

Hindi dapat kumalat
Mga katulad ng higad,
Hitsura pa lang
Malabo na ang liwanag:
Hindi pa man lumalapat,
Tatayo na ang balahibo,
Kakamutin ang balat.

Ang kawawang higad
Hindi na maging banayad.

**Signos ng Mantis**

Hindi inaasahan
ng mantis
ang matinding
pagtitiis.

Walang abiso
ang magdamag
na walang hamog
na lalabas.

Sa tipid na liwanag,
dumadaplis ang habag
sa mga namamanata
na may bagabag.

Tunay ang banta,
totoo ang babala
nausog ang sumpa
sa lupa ay tumama.

Ito ang signos
para sa mga bata,
makita ang mantis,
nakaluhod at nakatingala.

**Ang Determinadong Tutubi**

Palipat-lipat ng dapo
Ang tutubi,
Sa bawat batong nakausli.
Nagkakandirit
Pati buntot ay pumipitik.

Iuunat ang mga pakpak,
Saka iigtad ng papataas.
Lalaruin ang tilamsik
Mula sa ilog
Na nangwiwisik.

Hindi pa nasiyahan,
Sinabayan ang pipit,
Gumaya sa istilo ng pagsirok
At pagsabid.

Huli na nang mabatid,
Walang tibay ang pakpak
Hindi tulad ng sa uwak,
Kaya't bumulusok
Sa damuhan ay napasuksok.

Nagdudumaling bumangon,
Di ininda ang nabaling gulugod,
Sinipat ang nag-aalburutong ilog:
Balang-araw matutunan ko ring sumisid,
Sumabay sa agos ng tubig.

**Kulto ng mga Kuto**

Isang araw
Nagpulong ang lahat,
Nais nilang mabuo
Ang isang kulto.
Ito raw ang sasagot
Sa lahat ng insulto.
Apektado na ang lahat
Sa pinaiiral
Na pagpapakalbo.
Wala silang masilungan,
Nasisira pa ang kabuhayan.
Ito'y kalapastanganan
Na dapat pigilan.
Kaya't sinimulan
Ang kulto:
Binugahan ang anit
At nagdabog ng husto,
Pinakalat ang sumpa,
Anit ay namaga,
Kanya-kayang sakmal
Sa ulo ng bata.
Inakalang tagumpay
Ang unang arangkada,
Lahat ay natuwa:
Kasunod na
Ang isa pang banta.
Natigil ang lahat
Ng suyod ay humatak,
Inubos pati kuyumad,
Kulto nila ay nabuwag.

**Nagdadabog na Bubuyog**

Nagtataka ang bulaklak
Sa asta ng bubuyog
Na gumagapas.
Walang kandirit
Sa bawat pagsimot
Ng katas,
Kundi dabog at ismid
Ang itinatapat.
Hindi na napigil
Ng sampaguita
Ang nagaganap,
Inusisa ang bubuyog
Na lumilipad.
Wala sa loob
Ang pamumulot
Ng pulot,
Habang naghahakot,
Nababalot ang bubuyog
Ng galit at yamot:
Nabulabog daw ang pagtulog,
Binulyawan ng ina:
Wag maging batugan
At magpadala
Sa tamis ng pukyutan.

**Ang Mabilis na Kulilis**

Matikas na kumakaripas
Ang kulilis
Sa may bayabas.

Palundag-lundag
Sa mga sanga ng duhat,
Upang magtago
Sa kanyang pagbulalas.

Tulad ng inaasahan
Habang nakakubli,
Ubod lakas na binigkas:
Pasasalamat sa tunay
Na may bigay,
Binti’t paa’y
Sadyang bagay,
Sa bilis na taglay.

Ito ang bungad
Habang tulog pa ang lahat,
Nauuna na ang pagpupugay
At pag-aalay,
Bago pa pumutok
Ang bukang-liwayway.

**Nagmamalinis na Ipis**

Nagpahiwatig ang ipis,
Ayaw na niyang yumapak
Sa sahig, upang di mapasama
Sa maduming paligid.

Iniwasan ang barkadang
Si gagamba,
Madumi raw sa bahay,
Lahat nakakalat:
Walang sariling silid,
Palaging nakasabit.

Ayaw na rin makipag-usap
Sa langaw na panay ang sigaw,
Walang ginawa
Kundi ang dumungaw,
Maghasik ng amoy
Mula sa paglalaboy.

Naiirita na rin siya
Sa sutsot ng surot,
Lahat ng kuwento
Ay tungkol sa mga puwit
Na tinusok.

Kaya't ang tanong ng ipis,
Mahirap ba ang maging malinis?

**Pakiusap ni Kulisap**

Tuwing darating
Ang tag-ulan,
Marami ang nag-aabang
Sa mga nasisilo
Sa kalansing ng ulan.

Mapang-akit
Ang bawat tilamsik,
Lalo na ang tikatik:
Pangamba ang hatid
Sa kulisap
Na di mabatid.

Kanino ba dapat makiusap,
Pigilan ang daluyong
At subasko sa dagat?

Sasalagin ang pagpatak
Ng ulan sa parang,
Upang di matunaw ang pakpak,
Makalipad ng malaya
Sa alapaap.

Sapat na ang hamog
Sa maghapong pagpapagod,
Mapapawi nito
Ang hapo na dumarapo.

Payapang pagpagaspas,
Walang nakaambang paglagaslas.

**Pangako ng Gamo-gamo**

Minsan nangako
Ang gamo-gamo
Sa harap ng pinuno:
Hindi ako madadala
Sa akit ng mga katoto,
Laging isasaisip
Ang pangako,
Saksi ang mga ninuno.

Taas-noo,
Umalis ang gamo-gamo,
Taglay ang binitawan
Sa mga kalaro,
Buong siglang sumirko,
Napansin ang kumikinang
Sa kabilang dako.

Sa unang pagkakagilalas,
Nagpigil sa sarili.
Ngunit walang nagawa,
Tuluyan ng tumakas,
Tumalilis ang ulirat,
Naakit sa apoy
Na nagliliyab.

Huli na ang lahat,
Paa ng gamo-gamo
Ay di nakaiwas,
Nahagip pati ang pakpak,
Tuluyang pumatak
Sa gaserang walang habag.

**Ang Nangangambang Gagamba**

hindi mabuo
ang nadarama
ng gagamba
sa dampi ng hangin
sa ilaya.

may kung anong silakbo,
nanonoot sa mga nanlalamig
na paa:
hinahadlangan
ang paghabi ng pag-asa.

lalong namuo ang kutob
ng walang makapitan
ang mga sapot –
malinis na ang bawat sulok.

isang bagay pa
ang nagpakaba:
kung isang umaga
sapot ay mawala,
tatawagin pa ba siyang
gagamba?